ESCONDIDO
City of Choice

MEMORANDUM

**PAUNAWA SA MGA BOTANTE SA PETSA NA PAGKATAPOS AY WALA NANG MGA PANGANGATWIRAN PARA SA O LABAN SA ISANG PANUKALA NG LUNGSOD ANG MAAARING ISUMITE SA KLERK NG LUNGSOD**

ANG PAUNAWA AY IPINAPAHAYAG SA PAMAMAGITAN NITO na ang isang Pangkalahatang Eleksyong Munisipal ay gaganapin sa Lungsod ng Escondido sa Martes, ika-4 ng Nobyembre, 2014, kung kailan isusumite sa mga botante ang sumusunod na mga panukala:

| | |
|---|---|
| **Papalitan ba ang Lungsod ng Escondido mula sa isang pangkalahatang batas na lungsod sa isang tsarter na lungsod sa pamamagitan ng pagpapatibay sa iminungkahing tsarter ng Resolusyon 2014-70 ng Konseho ng Lungsod ng Escondido?** | OO |
| | HINDI |

| | |
|---|---|
| **Dapat bang aprubahan ng mga tao ng Lungsod ng Escondido ang sumusunod: Isang inisyatibang panukala upang pagtibayin ang Planong Espesipiko ng Lakes?** | OO |
| | HINDI |

ANG PAUNAWA AY HIGIT PANG IPINAPAHAYAG SA PAMAMAGITAN NITO na alinsunod sa Artikulo 4, Kapitulo 3, Dibisyon 9 ng Kodigo ng mga Eleksyon ng Estado ng California, ang kinatawang lehislatibo ng Lungsod, o sinumang miyembro o mga miyembro nito na inawtorisahan ng kinatawan, o sinumang indibidwal na botante o tunay na asosayon ng mga mamamayan o anumang kombinasyon ng mga botante at mga asosasyon, ay maaaring magpayl ng nakasulat na pangangatwiran, hindi lalampas sa 300 salita sa haba, kasama ang nakalimbag na (mga) pangalan at (mga) pirma ng (mga) awtor na nagsusumite nito, o kung isinumite sa pangalan ng isang organisasyon, ang pangalan ng organisasyon, at ang nakalimbag na pangalan at pirma ng hindi bababa sa isa sa kanyang mga pangunahing opisyal na siyang awtor ng pangangatwiran, para sa o laban sa panukala ng Lungsod. Mangyari lamang na kontakin ang Klerk ng Lungsod sa (760) 839-4560 para sa impormasyon tungkol sa pahayag na ito at isang dati-nang-nakalimbag na porm para magsumite ng mga pirma.

ANG PAUNAWA AY HIGIT PANG IPINAPAHAYAG, na, batay sa panahong makatwirang kailangan upang ihanda at ilimbag ang mga pangangatwiran at mga ihemplong balota para sa eleksyon, ang Klerk ng Lungsod ay nagpirmi sa ika-11 ng Agosto, 2014, sa loob ng mga karaniwang oras ng pagnenegosyo, tulad ng nakapaskil, bilang ang petsa na pagkatapos ay wala nang mga pangangatwiran para sa o laban sa mga panukala ng Lungsod ang maaaring isumite sa Klerk para sa paglilimbag at pamamahagi sa mga botante tulad ng itinakda sa Artikulo 4. Ang mga pangangatwiran ay isusumite sa Klerk ng Lungsod, kasama ng nakalimbag na (mga) pangalan at (mga) pirma ng (mga) awtor na nagsusumite nito, o kung isinumite sa pangalan ng isang organisasyon, ang pangalan ng organisasyon, at ang nakalimbag na pangalan at pirma

ng hindi bababa sa isa sa kanyang mga pangunahing opisyal na siyang awtor ng pangangatwiran, sa Opisina ng Klerk ng Lungsod, Tanggapan ng Lungsod, Escondido, California. Ang mga pangangatwiran ay maaaring palitan o bawiin hanggang sa at kabilang ang ika-11 ng Agosto, 2014.

ANG PAUNAWA AY HIGIT PANG IPINAPAHAYAG na ang Konseho ng Lungsod ay nagpasiya na ang mga sagot sa pangangatwiran, hindi lalampas sa 250 salita sa haba, tulad ng isinumite ng mga awtor ng magkalabang direktong mga pangangatwiran, ay maaaring itala sa Klerk ng Lungsod, kasama ng nakalimbag na (mga) pangalan at (mga) pirma ng (mga) awtor na nagsusumite nito, o kung isinumite sa pangalan ng isang organisasyon, ang pangalan ng organisasyon, at ang nakalimbag na pangalan at pirma ng hindi bababa sa isa sa kanyang mga pangunahing opisyal na siyang awtor ng pangangatwiran, hindi lalampas sa 10 araw pagkatapos ng pinal na petsa ng pagtatala sa mga direktong pangangatwiran (ika-21 ng Agosto, 2014). Mangyari lamang na kontakin ang Klerk ng Lungsod sa (760) 839-4560 para sa impormasyon tungkol sa pahayag na ito at isang dati-nang-nakalimbag na porm para magsumite ng mga pirma.

ANG PAUNAWA AY HIGIT PANG IPINAPAHAYAG na ang anumang ordinansa, walang pinapanigang pagsusuri, o direktong pangangatwiran na itinala sa ilalim ng awtoridad ng Kodigo ng mga Eleksyon ay maaaring makita ng publiko para rebisahin sa opisina ng Klerk ng hindi bababa sa 10 araw ng kalendaryo mula sa petsang hangganan ng pagtatala sa mga sagot sa pangangatwiran. Ang anumang sagot sa pangangatwiran na itinala sa ilalim ng awtoridad ng Kodigo ng mga Eleksyon ay maaaring makita ng publiko para rebisahin sa opisina ng Klerk ng hindi bababa sa 10 araw ng kalendaryo mula sa petsang hangganan ng pagtatala sa mga sagot sa pangangatwiran.

DIANE HALVERSON, KLERK NG LUNGSOD

Pinetsahan: Ika-24 ng Hulyo, 2014

*Ako, si Diane Halverson, Klerk ng Lungsod ng Lungsod ng Escondido, ay nagpapatibay sa pamamagitan nito na ako ay nagpaskil, o gumawang maipaskil, ang isang kopya ng naturang Paunawa sa isang madaling makitang lugar sa o malapit sa pintuan ng mga Sala ng Konseho ng Lungsod noong ika-24 ng Hulyo, 2014.*

_______________________________